# MAG-APPLY PARA SA JAMES CARY SMITH COMMUNITY GRANT!

## Hanggang sa $300,000 kada organisasyon sa loob ng tatlong taon



## Tatanggap ng mga Aplikasyon para sa Siklo 2 hanggang Enero 7, 2025, nang 5:00 p.m., Oras sa Pasipiko

**Hangad ng Air District (distritong may responsibilidad sa mga bagay na nauukol sa kalidad ng hangin) na mapalakas ang pakikipag-partner nito sa mga organisasyong naka-base sa komunidad, at nang sa gayon, mas maraming nag-aadbokasiya sa Bay Area ang mayroong impormasyon at mga rekursong kailangan upang lubos na makalahok sa mga desisyong nakaaapekto sa kalidad ng hangin at kalusugan ng komunidad sa lokal.**

May makukuhang kabuuang halaga na $1.5 milyon para sa Siklo 2 ng James Cary Smith Community Grant Program (Programa para sa Tulong-Pinansiyal sa Komunidad). Ang pinakamalaki nang makukuha sa indibidwal na grant ay $300,000 sa loob ng tatlong taon, na may pinakamalaking halaga na $100,000 kada taon. Kailangang gamitin ang grant sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga stratehiya na nagtataguyod sa awtentiko at nabigyang-lakas na paglahok ng komunidad sa mga aktibidad para sa pagpaplano, at nang mapabuti ang kalusugan sa kapaligiran ng komunidad. Espesipikong hangad ng Air District na makipag-partner sa mga organisasyong naka-base sa komunidad sa Bay Area upang maiangat ang lokal na mga pagsusumikap na nagpapabuti sa kalidad ng hangin at kalusugan ng tao. Hinihikayat na mag-apply ang naka-base sa komunidad na mga pangkat at lokal 501(c)(3) na mga organisasyong nonprofit na naglilingkod sa environmental justice communities (komunidad kung saan may wala sa proporsiyong pasanin ng panganib sa kapaligiran) sa Bay Area.

## Upang makapag-apply:

Bisitahin ang **www.baaqmd.gov/communitygrants** para sa gabay at impormasyon sa pag-aapply. Kailangang maisumite ang mga aplikasyon bago sumapit ang **5:00 p.m. Oras sa Pasipiko sa Martes, Enero 7, 2025.** May mga tanong ba kayo? Kontakin ang **communitygrants@baaqmd.gov.**

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT